Chapter One

Hinilot ni Gabby ang sintido habang mariing nakapikit. Nag-overtime siya sa opisina, pero pagdating niya sa bahay ay itinuloy pa rin niya ang pagtatrabaho. At ngayong pasado alas dos na ng madaling-araw ay dilat pa siya.

Nakaharap siya sa kanyang laptop, tinatapos ang project proposal na ipi-present niya sa susunod na linggo. Mahigit isang buwan na niya iyong pinaghahandaan. Mula sa research, surveys at sa slides na ipapakita niya. Gusto niyang matapos na ito para ang discussion na lang sa harap ng board members ang poproblemahin niya.

She's the junior vice president of the marketing department of *Kingsburry Hotels and Resorts*

Incorporated. Isa itong kompanya na nagpapatakbo ng iba't ibang hotels, resorts at restaurants dito sa bansa at sa ilang parte ng Asya.

Nakatakdang mag-retire ang president ng departamento nila kaya naging open ang nasabing posisyon, at dalawa silang naglalaban para rito. Her competitor was Rex Alejandro, ang senior vice president ng kanilang department. Mas matanda ito ng limang taon sa kanya, at ito na yata ang sumalo sa lahat ng kayabangan sa mundo. Wala itong ginawa kundi magpa-cute at ipagkalat sa lahat kung gaano kayaman ang pamilya nito. Feeling guwapo pa ito, lahat ng babae sa opisina nila ay naging girlfriend nito, puwera siya at si Mrs. Garcia, ang presidente nila.

She kept her eyes closed for a couple of minutes, pero napaigtad siya mula sa pagkakaupo. Nagulat siya sa biglaang pag-ring ng cellphone niya. Kunot-noong tinitigan ni Gabby ang aparato. *At sino namang matinong tao ang tatawag ng ganitong oras?*

Naiirita siyang tumayo at lumapit sa kama kung saan nakapatong ang telepono niya. Pinulot niya iyon at binasa ang pangalan ng caller. *Gio?* It's her best friend, ang current head ng human resources department ng parehong kompanyang pinapasukan niya. *Abnormal ka talagang bakla ka!*

Tinanggap ni Gabby ang tawag at akmang

magsasalita nang unahan siya ng nasa kabilang linya. "I knew it!" sigaw nito.

Natulig siya. "I can hear you. You don't have to shout!" bulyaw niya. "What do you want?"

She heard Gio sigh. She imagined him rolling his eyes. "I called to tell you na walang bayad ang matulog."

She smiled. He knew her too well. "I am sleeping," pagsisinungaling niya. "You woke me up."

"Tsk! Liar. I'm sure, bukas pa din 'yang laptop mo."

She automatically looked at her laptop.

"Ano? Tama ako, 'no?" anito nang hindi siya sumagot. "Hay naku, Gabriela Aguirre Gomez! Malololo mo lelang mong panot, pero hindi ako," sermon nito sa kanya.

"Damn it, Gio. Kailangan buo talaga 'yung pangalan ko?" Sumasakit lalo ang ulo niya. "And for the record, my lelang's not bald."

"See? Tama ako!" sigaw nito.

Inilayo niya ang cellphone sa tainga. "I told you, don't shout!"

"Best, you still have a week to finish that. Magpahinga ka naman," malumanay na sabi nito.

This was Gio's part na mahal na mahal niya. He's naturally sweet, at kahit outright gay ito, para sa kanya ay walang tatalo sa pagka-gentleman nito. "Best, I want

this position. I can't let Rex win."

"Of course! Pero kapag nagkasakit ka, eh, mas malaking problema 'yun."

"Daig mo pa mama't papa ko sa pagsesermon, ah," natatawang turan niya. She went to her table and shut her laptop off.

"Siyempre, hindi ka nila sesermunan. Una, nasa Cavite sila at nandito ka sa Makati. Pangalawa, hindi naman nila alam na nakalimutan mo na ang salitang tulog at pahinga, 'no! Kaya ako na ang magsesermon sa 'yo para sa kanila," saad nito.

Gabby rented a studio-type apartment in Makati, sobrang namamahalan kasi siya sa condo. Lalo na't hindi niya pa tapos hulugan ang bahay nila sa nasabing probinsya. Simula nang naibigay niya ang downpayment, doon na tumira ang parents at ang bunso niyang kapatid.

A few days after her college graduation from the *Polytechnic University of the Philippines*, agad siyang naghanap ng trabaho. At ang pagiging marketer na sa *Kingsburry* ang naging buhay niya simula noon. She's not from a rich family. Her father was a security guard, at isang kasambahay ang mama niya.

Dahil sa kagustuhan niyang makaipon agad, sinubukan niyang magkaroon ng dalawang trabaho. Office personel sa umaga, at call center agent naman sa

gabi. She did that for almost a year, pero nang dumalas ang pagkakasakit niya ay nagpaalam siya sa BPO. Nag-focus si Gabby sa *Kingsburry,* kaya na-promote siya bilang Junior V.P.

Maayos naman ang naging takbo ng buhay niya, dalawang secondhand cars na ang nabili niya. Ang isa ay ginawa niyang taxi na pinapasada ng papa niya, ang isa naman ang ginagamit niya araw-araw.

Malapit na siyang mag-twenty-six years old, pero hindi pa rin niya masabi na stable na siya, kaya wala siyang ginawa kundi magtrabaho. Least priority na nga ni Gabby ang love life. Her last boyfriend was during her college days. She dated guys, pero mas importante sa kanya ang career niya.

"O, siya, matulog ka na," ani Gio sa kabilang linya.

"Yeah. Good night, Best."

"I'll see you tomorrow sa office. 'Bye."

Gabby pressed the end call button and went back to her bed to sit. Minasahe niya ang batok na bahagyang nanakit.

Humiga siya, huminga nang malalim at saka pumikit. Tumatakbo pa rin sa kanyang isip ang presentation na nasa laptop niya, pero dahil sa sobrang pagod ay nahimbing na kaagad siya.

Kinabukasan, dahil sanay siyang hindi nag-aalmusal ay pumasok na siya sa trabaho habang

sakay ng kanyang *Kia Pride.* Makaraan ang twenty minutes ay narating na niya ang five-storey building ng *Kingsburry*. Ang first floor nito ay nakalaan para sa iba't ibang stores, food chains, convenient stores at coffee shops. The second up to the fifth floor were dedicated for their offices.

"Good morning, Ma'am," masiglang bati ng guwardya sa kanya sa entrance.

She smiled genuinely. "Good morning, Mang Ambo," sagot niya rito.

Dumiretso siya sa elevator and pressed four on the panel. The door was about to close when somebody came rushing in.

He smiled. "What's with the shades, Gabby?" nakakalokong tanong ni Rex sa kanya.

She was wearing sunglasses, dahil medyo visible ang eyebags niya. Napapadalas kasi ang pagpupuyat niya. "It's none of your business, Mr. Alejandro," mataray niyang sagot.

Napailing ito. "Mr. Alejandro? It's Rex, nakalimutan mo na ba ang first name ko?" He looked at her maliciously.

Sa dinami-dami naman ng puwedeng makasabay, itong bagyong Rex pa na signal number six sa lakas ng hangin! sa loob-loob niya. "We're not close to be on the first name basis."

Rex let out a sigh. "You're really different, aren't you?"

She shrugged, and then the elevator door opened on her floor. Gabby went out as fast as she could.

"I'll see you around!" pahabol ni Rex sa kanya.

"Go to hell," bulong niya.

She went to her desk and turned her desktop on. *Nang matapos na ang presentation na 'to.*

Kasalukuyan niyang hinahanap sa kanyang bag ang flash drive nang may lumapit sa kanya. "Gabby," anang pamilyar na boses.

She got to her feet. "M-Ma'am Garcia…" gulat na bati niya sa presidente nila.

"I want to have a word with you. In my office, please." Magkasunod silang nagtungo sa tanggapan nito. "Please lock the door. I don't want anyone interfering," utos nito nang makapasok sila sa maliit na silid.

Tumalima ang dalaga at agad na umupo sa silya sa harap ng lamesa ni Mrs. Garcia.

"How's your presentation?" seryosong tanong nito.

Napanganga siya, she didn't expect the older woman to ask about that. "I-it's fine, Ma'am. I'm down to my last slides," kinakabahang sagot niya.

"It's due next week," pagpapaalala nito.

I know, right? "Yes, Ma'am."

Mrs. Garcia removed her eyeglasses and put them on her table. Tiningnan siya nito. "I am not supposed to tell you this, pero sasabihin ko pa din."

Gabby swallowed. *Bakit parang biglang uminit dito?* She waited for her superior to continue.

"I want you for the position," she said seriously.

"M-Ma'am?" *She wants me to be the marketing president?* She couldn't believe her ears. "S-sorry?"

"I shouldn't be taking sides 'cause it will be unfair to Rex." Tipid siyang nginitian nito. "He's good and that's undeniable. The thing is, you're better."

Hindi siya makapaniwala. *I'm better?*

"Gabby, hija," tawag nito sa atensyon niya, "ayokong iwan ang department ko sa lalaking walang ibang alam kundi magpaiyak ng babae. Hindi lang trabaho ang turing ko dito, parang anak ko na ang marketing and I want it to be in good hands."

She couldn't process anything at the moment. Mrs. Garcia wanted her to win rather than Rex. That was the best compliment ever.

"Kung p'wede lang na ako na ang mag-decide, ginawa ko na. Unfortunately, board ang mamimili." Mataman siyang tiningnan nito. "Gabby, promise me that you'll get the position."

She stared back and slowly nodded. *I'll get the job.*

"You can't tell anyone that we had this

conversation. Understood?" anito sa usual authoritative na boses nito. "Not even Gio."

"Yes, Ma'am." After that, Gabby went back to her table and continued with her project presentation. *I have to win this.* She told herself with so much determination than before. She couldn't lose. She couldn't let Mrs. Garcia down.

Kapag nagtatrabaho siya ay nakakalimutan niya ang lahat. Ang oras, ang pagkain, ang pag-ihi, lahat. Masyado siyang busy kaya nagulat siya nang tingnan niya ang wristwatch niya. *Four fifty?* Ten minutes na lang at out na sila.

She was able to finish her slides before lunch, so she started working on her notes na kakailanganin niya sa discussion. Niligpit niya ang kanyang mga gamit. *Wala akong balak mag-overtime ngayon.*

"Hey!" sigaw ng kaibigan niya.

"Hi!" masayang bati niya kay Gio.

"Oh? What's with the smile? Hindi ka haggard today?" takang tanong nito.

"Hindi," tugon niya, sabay ngiti.

"Good. Tara na."

Nagsalubong ang mga kilay niya. "Saan?"

"Let's have dinner. Para makakain ka naman ng totoong pagkain, puro ka kasi fastfood," anito.

She shook her head, "I can't. I have to—"

"Work on your motherfreaking presentation," Gio finished her sentence for her.

Napangiti siya. She went to him and hugged him. "Sorry. Next time. Promise, babawi ako. Matapos lang talaga 'tong proposal na 'to," paglalambing niya rito.

Mabilis itong umalis mula sa pagkakayakap niya. "Eww! Di tayo talo!" anito, sabay pagpag sa parte na nadikitan niya.

She raised her brow. "Arte mo!"

Gio smiled. "Just make sure na magiging president ka. Dahil kung hindi, kakalbuhin talaga kita!" banta nito.

She was about to hug him again, pero umiwas agad ito. "Enough with the hugging, okay?"

"Fine." She raised her hands as a sign of defeat.

"O, siya, lalayas na 'ko at kami na lang ng jowa ko ang magde-date." Binigyan siya nito ng flying kiss bago tumalikod.

"Hey!" habol niya rito.

"What?"

"Tell Joey I said hi," tukoy niya sa boyfriend nito.

Namaywang ito. "No way! Crush ka kaya n'un! Baka kapag nalaman niya na nag-hi ka, eh, makipag-break 'yun!" hysterical na sabi nito.

"Joke lang. Sige na, lumayas ka na," taboy niya sa kaibigan. "'Bye!"

The next few days for Gabby were crucial, palapit na nang palapit ang paghaharap nila ni Rex.

When she was working on her *PowerPoint* presentation, three to four hours lang ang tulog niya. Pero nitong nagdaang mga araw, isa hanggang dalawang oras na lamang. She read and rehearsed her proposal more than ten times everyday. Actually, na-discuss na niya ito kay Mrs. Garcia, and to her relief, nagustuhan ito ng boss niya.

"It's brilliant! I would like to congratulate you in advance!"

Iyon ang sinabi nito sa kanya. And that made her gain a lot of confidence. Pero hindi pa rin iyon sapat; she continued memorizing and reviewing her notes. *Dapat flawless!*

She's more than prepared, and she's certain that she'd be able to answer kung anumang tanong ang maisipan ng board. Everything was all set, ang itinakdang araw na lamang ang kanyang hinihintay.

It was a quarter after two p.m. Mag-u-undertime siya, mentally, spiritually, socially, psychologically, lahat na ng 'LLY', prepared na siya. Physically na lamang. Kaya maaga siyang uuwi para mag-beauty rest. Kailangang maganda rin siya tulad ng project na ipo-propose niya.

Gabby was about to open her car when a man's

voice interrupted her. "Why are you going home so early?" It was Rex.

"The hell you care."

He grinned creepily. "So, tomorrow's the day."

She turned to look at him. "I know, you don't have to remind me," mataray niyang sagot.

"Don't even think na pagbibigyan kita dahil lang type kita."

Pero sa halip na ma-seduce, nangilabot siya. "Pervert," she said with annoyance kahit nanginginig na ang tuhod niya. She couldn't let Rex know that she was scared.

He laughed loudly. "Pa-hard to get ka talaga." Lumapit ito sa kanya. "Spend a night with me, sa 'yo na 'yung walang kuwentang posisyon na 'yun."

Kinabahan siya nang big time, pero hindi siya nagpahalata. Sinalubong niya ang mga mata nito. "I don't have to please you to get that position. Sa ayaw at sa gusto mo, *ako* ang papalit kay Mrs. Garcia," banta niya kay Rex.

Pagkasabi niyon ay mabilis siyang sumakay ng kotse at pinatakbo iyon. Nakahinga lamang nang maluwag si Gabby nang marating niya ang kanyang apartment. *Ano'ng palagay sa 'kin ng kumag na 'yun? Prosti?*

Hindi niya nalimutang i-set ang alarm clock na

nakapatong sa bedside table niya. *I can't afford to be late.* Then she chose the attire that she'd wear for the big day.

Ginugol niya ang buong hapon sa panonood ng cartoons sa local T.V. networks. Kailangan niyang mag-ipon ng good vibes dahil paniguradong bad vibes ang dala ng mayabang niyang kalaban kinabukasan.

It was almost eight o'clock nang magpasya siyang matulog. She have to rest a lot, but before going to bed, she shut her phone off. *I don't need any disturbances, so break muna tayo ngayon, aking 5c.*